ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Nahikayat ang mananaliksik sa pagsuri sa mga pamahiin ng patay at kasal dahil sa personal na karanasan habang dumalo ng isang paglalamay sa isa sa mga kamag-anak sa mga bukid ng bayan ng Hilongos maraming mga kilos at galaw na ipinagbawal. Tulad ng iwasan ang matuluan ng luha ang kabaong, kontrolin ang emosyon tulad ng pagtawa ng malakas. Nakatawag pansin ito ng mananaliksik dahil ang ilang mga pamahiing nakita ay hindi nakita sa bayan. Naniniwala ang mananaliksik napakahalagang maitala ito ang mga pamahiin kaugnay sa kamatayan at kasal sa ikalimang distrito ng Leyte sapagkat ito ay kultura at panitikan na maitituring na isang yaman na salindila na kailangang mapanatili sa panitikang lokal sa kabila ng mga pagbabagong naganap sa ikalimang distrito ng Leyte. Layunin ng pag-aaral na ito ay makilala at masuri ang mga katutubong konsepto na napapaloob sa mga pamahiin sa patay at kasal sa mga piling bayan ng ikalimang distrito ng Leyte. Umaasa ang mananaliksik pagkatapos malikom ang mga katutubong konsepto ng mga pamahiin ay makapagbigay linaw ito sa mga kabataan na ang mga ito ay maituturing tradisyon ng mga taga-Leyte. Higit sa lahat sa pamamagitan ng pagsusuring ito maipreserba ng taga-Leyte ang nakaugaliang pinaniniwalaan, maniwala man sila o hindi ang mahalaga maisaisip na ang mga pamahiing ito ay nagmula sa Leyte.

2.0 KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa pahayag sa Republic Act No. 7356 (National Commission for Culture and the Arts-NCCA) na nagsabing "*an act creating the national commission for culture and arts, establishing national endowment fund for culture and the arts and for the other purposes".* Ipinaalaala sa bahaging na mahalagang maitala ang mga pamahiin upang makatulong sa preserbasyon at pagpapaunlad ng panitikang lokal at rehiyonal. Sa mga nakapaloob na mga pamahiin ay naglalarawan ng kulturang Pilipino na dapat malinang sa kabataang Leyteño sa pamamagitan ng pagsasama nito sa pagtuturo sa panitikan lokal. Mandato ng NCCA na maitaguyod at maprotektahan ang mga makasaysayang kultura at pamana ng bansa. Kaugnay nito binahagi ni Grey (2016) binigyang-linaw niya na ang mga tao sa mundo na likas na may maraming mga pinaniniwalaan at pilit nila na ipinapaliwanag ang isang realidad na hindi kayang ipaliwanag.

Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang pagkakaroon ng kamalayan sa lipunan o mundong ginagalawan lalo na sa kasalukuyan na puno ng kakaibang lumalabas na nakaaaliw na mga panoorin, mga babasahin, iba't ibang uri ng laro, at marami pang iba na lumaganap sa mass media at social media. Ang mga pamahiin na mayroon ang isang lalawigan ay maituturing na isang kultura na nagbibigay pagkakilanlan.

Ang taga-Leyte ay puno ng mga paniniwala sa buhay na hanggang sa ngayon ay nanatili pa rin ang mga katanungan na totoo kaya ang mga paniniwalang ito na hanggang ngayon ay wala pa ring ensaktong paliwanag na nanatili pa ring ginagawa ng tao. Tulad halimbawa ng mga sumusunod: bawal maligo kung araw ng biyernes sapagkat araw ito ng mga diwata na maliligo, bawal isukat ang *traje de boda* para sa ikakasal sapagkat hindi raw matuloy ang kasal sapagkat may masamang mangyari, bawat magdala ng pagkain mula sa namatayan dahil may mamatay sa pamilya na nagdala ng pagkain, bawal tumutulong bawal puputulin ang kuko kung gabi sapagkat may mamamatay raw na kaanak, at iba pa (Paderan, 2018). Sa pag-aaral na ito ay nakapokus sa pamahiin sa patay at kasal sa pitong bayan ng ikalimang distrito ng Leyte.

3.0 METODOLOHIYA

Ang desinyong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang kwalitatibong pamamaraan. Mula sa bayan ng Matalom, Bato, Hilongos, Hindang, Inopacan, Baybay at Mahaplag na parehong matatagpuan sa ikalimang distrito ng Leyte. Mga lugar o mga barangay mula sa iba't ibang kategorya. Mga barangay mula sa upland, lowland at coastal. *Purposive sampling* ang paraan ng pagpili ng mga kalahok. Kumuha ang mananaliksik ng tigsasampung mga kalahok na mula sa iba't ibang kategorya ng barangay sa bawat bayan. May 70 kabuuang kalahok ang pag-aaral na ito. Sadyang pinili ng mananaliksik ang mga kalahok na may edad 60 taong gulang pataas at likas na naninirahan sa komunidad dahil naniniwala ang mananaliksik na sila ay may mataas na karanasan tungkol sa mga nasaksikan ng mga pamahiin. Sa madaling salita sila ay may malawak sa kalaaman sa pamihiin sa kamatayan at kasal. Dalawang instrumento ang ginamit sa pag-aaral na ito. Una saklaw saklaw dito ang pakikipanayam, ikalawang insrumentong ginamit ang mga 60 alamat na nakalap mula sa pag-aaral ni Gabor (2021) at Briones (2013). May mga pagkakataon na personal na pinuntahan ng mananaliksik kung may ikinasal at may namamatay na nasa upland. Sa interbyung ginawa bumuo ang mananaliksik ng isang talatanungan. Ang talatanungang binuo ay ibinatay ng mananaliksik sa "Gabay sa Linggwistikang Etnograpiya ng Sentro at Kultura (SWAK). Ang kasagutang ibinigay ng mga kalahok ay hindi nilimitahan. Ginawa ang interbyu sa bakanteng oras ng mga kalahok. Pagkatapos nakalap ang mga datos isinagawa ang tematikong analisis sa pamamagitan ng maingat sa pagsunod ng mga sumusunod na hakbang. Una, ang mananaliksik muna ang sumuri sa lahat na mga nakalap na datos kung saan sa hakbang na ito *open coding* ang pagsusuri. Sunod namang ginawa ang *axial coding* at *selective coding* sa tulong ng mga gurong may ilang taon ng nagtuturo sa panitikan. Pagkatapos nakuha ang mga tema isinigawa ang Focus Group Discussion. Ginawa ang FGD sa bakante oras ng mga guro.

4.0 RESULTA NG PAG-AARAL

Likas sa mga Leyteño ang paggalang sa mga sabi-sabi na nagmula pa sa ating mga ninuno. Sa kasalukuyan may sapat man o walang edukasyon ay pinaniniwalaan nila ang mga pamahiin bilang gabay upang mapabuti, mapaganda at higit sa lahat magiging ligtas ang kanilang pamumuhay. Malaki ang impluwensiya ng mga pamahiin sa buhay ng taga-Leyte lalo na sa usapin ng tagumpay at kaligtasan sa buhay. Ang pamahiin ang naging basehan din sa pamumuhay ng bawat indibidwal ng taga-Leyte. Tunay ngang napakaraming hiwaga ang dala sa atin ng pagkakaroon ng iba't-ibang pamahiin. Masasalamin dito ang mga paniniwalang umusbong mula pa noong panahon ng ating mga ninuno. Dahil din dito, mas lalo natin napapalawak at nakikilala ang kulturang ating pinagmulan. Ayon kay Amat (2021) at Grey (2016), pinaniniwalaang ang mga pamahiin ang naging kalasag ng mga ninuno upang labanan ang pwersa ng kalikasan sa anumang hindi mabuting pangyayayari sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Inilahad sa resultang ito ang analisis sa mga katutubong konsepto mula sa mga pamahiin ng patay at kasal mula sa pitong bayan ng ikalimang distrito ng Leyte. Ang katutubong konsepto ay tumutukoy sa mga nakaugalian o kaya'y kultura sa mga sinaunang tao. Batay sa resulta ng pagsusuri natuklasan ang mga sumusunod:

Pamahiin ng Patay

Sa resulta ng pagsusuri pare-pareho ang proseso at mga pamahiin ng pitong bayang sinuri. At may iilan naman mga pamahiin sa patay na makikita sa mga upland na hindi makikita sa lowland at coastal. Batay sa nabuong tema natuklasan na ang *panaginip, tunog ng hayop at insekto, kilos at ugali ng tao* at *bagay* ay nagbibigay mensahe o batayan na may mamatay o mamatay ang isang tao.

Panaginip

Sa pagsusuri batay sa mga kasagutan ng mga kalahok at nabasang mga alamat napansin na ang panaginip ay may malaking kinalaman sa badya ng kamatayan sa kaanak, kamag-anak at sa mga kaibigan.Tulad halimbawa na kapag nanaginip na *natanggal ang ngipin*, nangangahulugan ito may mamatay na mga kaanak. Upang masumpa ang masamang gunitaing ito kailangan sa paggising ng nanaginip ay dapat ikagat sa unan at sa puno. Kapag sa panaginip ay *nakasakay sa barko at may malaking alon* ay nangangahulugan din itong may mamatay na kaanak. Kung ang panaginip ng isang tao ay nakakita siya ng kabaong ito ay balita na may mamamatay sa iyong kaanak. At kung ang isang tao ay nanaginip na *nakakuha ka ng kuto sa buhok mo o sa kaibigan mo* may mamatay na kakilala o kaibigan. Ayon ng isa sa mga kalahok na mula sa bayan ng Inopacan kapag nanaginip siyang natanggal ang kanyang ngipin nagbibigay ito sa kanya ng kalungkutan buong araw dahil alam niyang may darating na hindi magandang balita.

Huni ng Ibon at Insekto

Ang tunog ng hayop at may malaking ginagampanan sa paghahatid ng masamang balita ayon sa mga kalahok. Tulad halimbawa na kapag makarinig ng huni ng *"kokuk"* isang uri ng ibon, ito ay nagbabadya na may mamatay na kaanak. Kaya, ayon ng mga matandang kalahok kinatatakutan nila noon ang ibong ito dahil batay sa kanilang naranasan hindi pa sila nagkakamali sa kanilang mga paniniwala. Sa tuwing makarinig sila ng tunog ng ibong ito 2-3 araw pagkatapos nang narinig ay may darating na masamang balita, dagdag pa ng mga kalahok. Kapag makarinig din sila ng huni kuwago ay nagbabalita ito na may mamatay na ng mga kakila, kaibigan o kaya'y kamag-anak. At kapag may paru-parung itim na umaaligid sa loob ng bahay o dadapo sa balikat, ito ay kaluluwa na patay mula sa mga kaanak o kamag-anak na bumibisita. Ibinahagi sa isa sa mga kalahok mula sa bayan ng Mahaplag, na may kapatid siyang nakatira sa Mindanao na matagal ng hindi na nakauwi at hindi sila nagkita. Isang araw may dumapong itim na paru-paru, hindi niya pinansin dahil akala niya na binisita siya ng kaluluwa ng kanyang ina. Nakalipas ng isang linggo nakatanggap siya ng *telegrama* mula sa asawa ng kapatid na ianatake ang kanyang kapatid at namatay. Saka pa siya nakapagtanto na yaong itim na paru-paru na dumapo sa kanyang balikat at nakaraan linggo ay kapatid niya.

Kilos at Ugali

Ayon kay De Lim (2016) sa halos lahat ng kaganapan sa buhay ay may kaakibat na pamahiin. Kahit sa araw-araw na kilos at galaw ng tao ay binigyang kahulugan ng tao. Ang kadalasang sagot ng mga naniniwala sa pamahiin ay wala naman mawawala kung ito ay susundin. Tulad ng ibinahagi sa mga karamihang mga kalahok ng pag-aaral na ito, sinabing ang taong malamit na mamatay ay may kakaibang mga sinasabi. Tulad halimbawa na kapag magsabi ang na *"Magtingub kug pamalit sa mga panginahanglanun sa bay kay basin wala naku ugma* (Bibili ako ng marami sa mga pangangailangan sa bahay baka wala na ako bukas). Ang ganitong mga pahayag ay kailangang isumpa sa kausap tulad ng pagsabing "*simbaku*" sabay tapik sa balikat ng nagsasalita para walang mangyaring masama. Isa pang kilos na nagbabalita ng hindi maganda, kapag hindi ka mapakali sa pagtulog sa kalagitnaan ng gabi ito ay nagpapahiwatig na may masamang pangyayari sa inyong kaanak. At kapag nakita mo ang isang tao o kaya'y iyang kaibigan o kahit kakilala na naglalakad na wala siyang ulo, badya ito ng kanyang kamatayan.

Bagay

Ang mga bagay ay natuklasan din na ito ay nagbadya ng masamang balita. Halimbawa kapag nabasag na baso na hawak-hawak mo sa loob ng bahay ay tanda ito na may mamamatay na kamag-anak o kaya'y kaanak. Iba pang halimbawa na kapag gustong aalis ang tao at kapag hindi pinapayagan huwag mamilit dahil may masamang mangyari na sanhi ng kamatayan.

Ipinaliwanag ng mga kalahok na noon paman bawat kilos nila ay may sinusunod silang pamahiin para maiwasan ang kapahamakan at swertihin sa buhay. Kaya noon maingat nilang sinunod ang mga pamahiin lalo na sa patay. Idinagdag pa ng mga kalahok na para maiwasan din na may mamatay dapat maingat na sumunod sa pamahiin na kapag may namamatay tulad ng mga sumusunod:

Ajaw pagdala ug pagkain gikan sa patay kay may musunod sa injung miyembro nga mamamatay. *(*Huwag magdala ng pagkain mula sa namatayan dahil may susunod na mamatay sa inyo).

Kung naay duha ka silingang namatay, ajaw pagtabuk-tabuk ug bilar kay naay musunod sa inju nga mamamatay. (Kapag may dalawang namamatay na kapitbahay, kapag nakilamay ka isa huwag makilamay sa kabila. Dahil maaring kayo naman ay may sunod na may ibuburol).

Kung kaanak ang namamatay iwasan ang mga sumusunod:

Ajaw panilhig ug naay patay kay magsunud-sunod ang patay sa unjung balay.

(Huwag magwalis dahil habang may nakaburol dahi may sunod-sunod na may mamatay sa iyong pamilya)

Kung naay mubisita sa patay kung magpasalamat ajaw tubaga ug "way sapayan" kay naay musunod na mamatay sa pamilya.

(Kung may may magpasalamat na bisita huwag sagutin na "way sapayan/your welcome) dahil may susunod na mamatay sa pamilya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

An*g kandilang gidagkut sa patay ajaw pasagding maupos/mahurot, alisdan dajun arun dili mahurot ug kamatay ang miyembro sapamilya*
(*Ang kandilang itinirik sa patay ay huwag hayaang maubos, kailangan palitan agad dahil may susunod na mamatay o maubos kayong mamatay)*

Likaje sa mga kaperyentihan nga di mutabang sa pag-alsa sa lungon kay ang mutabang mauy sunod ang mamamatay.
(Iwasan ang pagtulong ng mga kaanak sa pagbubuhat ng kabaong dahil siya ang susunod na mamatay)

Iniglubong, iagi ang lungon sa bintana sa bay ug ang tanang pamilya ug paryente musuung sa ilawum sa lungon mulakaw ug deretso, ajaw ug lingi arun way sunod mamatay ug magbug-us/magputol ug saging isip sumpa na wa nay sunod mamatay.
(Sa araw ng ilibing ang patay, ang kabaong ay idadaan sa bintana at ang mga kaanak ay susuong sa kabaong at lumakad nang matuwid at hindi pwedeng lilingon para walang susunod na mamamatay at magputol ng puno na saging bilang sumpa na wala ng susunod na mamamatay).

Ang mga nabanggit na pamahiin ay may kaugnayan sa pahayag ni Amat (2020) na nagsabing kilala tayong mga Pilipino sa ating kultura sa iba't ibang uri ng pamahiin na nagsisilbi itong gabay sa pang-araw na buhay. Ang pahayag na ito ay pinatunayan sa resulta ng pagsusuri at sa mga pahayag ng kalahok. Ang mga nabanggit na mga pamahiin sa patay ay maingat na sinunod parin ito sa kasalukuyan na sinabi ng mga kalahok mula sa upland (bukid) sa mananaliksik. Ibinahagi ng ilang mga kalahok na marami sa mga kabataan sa kasalukuyan na ang pamahiing kanilang ibinahagi ay hindi na sinunod dahil wala raw itong katotohanan. Iginiit ng mga kalahok na kahit wala ito sa seyensiya pero batay sa kanilang obserbasyon ang kanilang mga pamahiin ay totoo. Ipinahawatig dito na ang mga pamahiin ng patay na binahagi ng mga kalahok ay nakaugat na isipan ng mga tao noon na taimtim nilang sinusunod para sa kaligtasan sa kapahamakan. Nangangalugan lamang na ang pamahiin ng patay ay isang kultura nagpapakilala sa taga- Leyte ng kanilang pinagmulan.

Sa ibinahagi ng mga kalahok at sa personal na obserbasyon may iilang pamahiin ng mga taga upland na wala sa taga lowland at coastal. Tulad halimbawa sa pagkain o anumang bagay. Sa upland istriktong ipinaalaala ng namatayan sa mga nakikilamay na bawal magdala ng anuman sa kanilang bahay mula sa kanila. Kahit isang pirasong candy o kaya'y mga disposable glass ay hindi pwede dadalhin dahil may susunod na mamatay sa kanilang mga kaanak o kamag-anak. Ganoon din sa araw ng paglilibing. Napansin na pamahiin ng taga upland na ang kabaong ay ilalabas sa bintana ng bahay. Kapag hindi makasya sa bintana gigibain ito at aayusin pagkatapos ng 40 days. Kapag inilabas na ang kabaong sa bintana ang mga kaanak at kamag-anak ay sa ilalim ng kabaong dadaan na hindi pwedeng lumingon sabay sa pagputol ng saging. Ang pamahiing ito ay tanging makikita sa mga taga upland lamang.

Ang pamahiin sa patay na ipinakita sa mga nakalap na datos ay nagtataglay ng isang katutubong saloobin. Tulad ng mga sumusunod;

Pag-iingat sa sarili. Pinatunayan ito na kapag may paru-parung itim, nanaginip na natanggal ang ngipin, panaginip na nakasakay sa barko, nanaginip na nakakuha ka ng kuto sa buhok, panaginip ng kabaong, *at iwasan ang kaanak na tutulong sa pagbubuhat ng kabaong, naglakad ang tao na walang ulo,* makarinig ng huni ng *"kokuk"*, makarinig ng huni ng kuwago, gustong aalis ang tao at kapag hindi pinapayagan. Ang mga nabanggit na pamahiin ay pawang nagpapakita ng pag-iingat sa sarili sa kapahamakan.

Napansin din ang ***pag-ingat sa pamilya***, tulad ng kapag h*indi ka mapakali sa pagtulog sa kalagitnaan ng gabi, kapag nabasag ang baso na hawak-hawak mo, huwag magwalis dahil may susunod na mamatay, kapag may bisitang nakikilamay huwag magpasalamat* at *huwag hayaang maubos ang kandila sa patay* ang mga ito ay kailangang sundin upang walang mapahamak na miyembro ng pamilya.

Lumalabas sa pag-aaral na ang pinaniniwalang pamahiin ng mga taga-ikalimang distrito ng Leyte ay kadalasang pinagbatayan sa panaginip, inuugnay rin sa mga di karaniwang huni ng ibon at insekto, pinagbatayan din ang mga di pangkaraniwang kilos at galaw ng tao at ang mga nangyayari sa mga bagay. Nagtataglay rin ng magagandang saloobin o pagpapahalagang kultural ang pamahiin ng patay tulad ng pag-iingat sa sarili at sa pamilya.

Ipinahiwatig sa resultang ito na ang pamahiin ay hindi lamang ang sarili ang inilayo sa kapahamakan binigyang-diin ang kaligtasan ng buong miyembro ng pamilya. Ipinakita rin sa resulta ito na kahit walang basehan ang kanilang mga paniniwala pero maingat at taimtim nilang sinunod dahil iginiit nila na ito ay talagang mangyari. Samakatuwid ang pamahiin ng patay ay isang kultura ng Leyte na pinaniniwalaan walang mawawala sa sarili kung sinusunod ang mga ito ngunit maaaring ikaw ang mapahamak kung ipagkait mong sundin ang mga kulturang ito.

Sa mga pamahiing binanggit ipinakita na ang pamahiin sa patay ng Leyte ay maituturing ng kultura na ng lalawigan. Dahil sa ibinahagi ng mga kalahok nakaugalian na nilang sundin ang mga pamahiin ito sa katunayan nagiging nakilala sila sa ibang bayan o lugar dahil sa kanilang kakaibang pamahiin.

Pamahiin sa Kasal

Batay sa nakalap na datos maraming ipinagbawal sa ikakasal kung saan ang mga na ito ay dapat sundin para matuloy ang kasal at magtagumpay sa pagbuo ng pamilya. Ayon sa mga kalahok ang ikakasal noon may maingat sundin ang mga ipinagbawal bago ikakasal at sa araw mismo ng kasal. Ayon pa sa mga kalahok kung hindi susunod ang ikakasal sa mga pinaniniwalaan ito ang posibling dahilan na maging walang kabuluhan ang kanilang pinaghandaan. Sa resulta ng interbyu at pagsusuri sa mga alamat narito ang nakitang mga pamahiin sa kasal:

Bago ang kasal

Kung unang mamenju ang manghud, bajaran sa laki ang ijang gilaktawan ng maguwang, para dili magabaan ang ilang panag-ipon. Ang bajad depende sa masabutan sa duh aka pamilya. *(Kapag nauunang ikakasal ang bunso sa nakatatanda kailangang magbabayad ang lalaki sa nakatatanda para hindi mamalasin (magabaan) ang*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagsasama. Ang halagang ibabayad ay depende sa napagkasunduan).

Ang petsa sa kasal kinahanglan itunong sa 8 o petsa na naay 0 para swerte ang pagpujo. *(Ang kasal dapat itapat sa petsa ng 8 o petsa na may 0 para swertehin ang pagsasama)*
Gidili ang magsuun magpasakal sa parehong tuig (*Bawal magpakasal ang magkapatid sa parehong taon)*

Ginadili ang paglakaw-lakaw sa kaslonon ilabina us aka semana usa kaslon kay duul kini sila sa kadaot *(bawal lumalabas ang ikakasal isang linggo bago ang araw ng kasal dahil lapitin ito sa disgrasya)*

Di magkita ang kaslonon usa kaadlaw usa kaslon *(hindi dapat magkita ang ikakasal isang araw bago ang kasal)*

Ajaw isukod ang sinina sa kasal *(huwag isukat ang traje de boda dahil hindi matutuloy ang kasal)*

Kinahanglan di makita sa laki ang sinina sa kasal sa ijang sa dili pa sila kaslon. Adto na makita sa simbahan *(hindi dapat makita ng lalaki ang traje de boda na kanyang magiging asawa. Saka pa makita kapag nasa sila sa simbahan)*

Araw ng Kasal

Ang baje magsuut ug panty na puwa at magsuksuk ug kwarta sa panty para swertihun ang injung pagpuju *(ang babae kailangan magsuut ng panty na kulay na pula at maglagay ng pera sa panty upang swertihin ang iyong magiging pamilya)*

Kinahanglan di mag-uban ang kaslon sa usa ka sakjanan padulong sa simabahan kay duul sila sa disgrasya *(kailangan hindi magkasama sa isang sasakyan (bridal car) ang ikakasal)*

Kinahanglan una muabot ang laki sa simbahan *(kailangan mas mauna dumating ang lalaki sa simbahan)*

Sa pgluhod ug pagtindog kinahanglan magdungan ang duha arun way under de saya (daug) nilang duha *(sa pagluhod at pagtayo kailangan magkasabay ang ikakasal para walang under de saya)*

Ampingi nga dili mahagbung ang singsing inig sul-ob arun di magbuwag ang kinasal *(kailangan ingatan na hindi mahulog ang singsing para hindi magkahiwalay ang ikakasal pagdating panahon).*

Mutamak una sa plato ang bag-ong kinasal usa musulod sa balay, human buk-on ang plato para mawa ang malas sa pagpujo *(pagkatapos ng kasal bago papasok ang mag-asawa sa bahay aapak muna ang dalawa sa plato pagkatapos ito ay babasagin para mawawala ang malas).*

Paimnun ang bag-ong kinasal ug tubig nga naay dahun sa kalipay arun magmalipajun ang pagpujo *(papainumin ng tubig ang bagong kasal na may dahong kalipay dahil nagsisimbolo ito ng kaligayahan)*
Mutunub ang bag-ong kinsal sa bani sa saging arun kanunay mabugnawun ang ilang pagpuju *(Aapak ang bagong kasal sa puno ng saging, dahil ang puno ng saging ay malamig, sumisimbolo ito na laging malamig ang isip na mag-asawa)*

Samtang maglakaw ang bag-ong padulong sa ilang lamesa, sabwagan ug bugas arun daghang grasyang muabot sa ilang pagpuju *(At habang naglalakad ang bagong kasal patungo sa lamesa o hapag kailangan sasabuyan ng bigas na sumisimbolo ito ng biyaya)*

Makikita na ang mga pamahiin sa kasal ay may dalawang kategorya ang bago at sa araw ng kasal. Ang mga pamahiing ito ay maingat na sinunod upang maging matagumpay ang mangyari sa buhay. Sa mga itinalang pamahiin sa kasal ay nagpapahiwatig na ang Leyteño ay nababalot ng maraming pamahiin o mga paniniwala sa mga bagay-bagay na walang relasyon sa ating nakikita o ginagawa. Batay sa pagbabahagi ng mga kalahok at sa mga nabasa na mga alamat malaki ang naging impluwensiya ng mga pamahiin sa buhay ng mga Leyteño lalo na sa mga usapin sa buhay tulad ng kultura, emosyon, tagumpay at kabiguan. Nagpapahiwatig ito na ang mga pamahiin ng Leyte ay isang kaugaliang namana sa mga ninuno na patuloy pa ring isinasagawa ng karamihan. Ayon pa rin sa mga nakatatanda o kalahok, ang hindi pagsunod sa mga pamahiin ay nagdudulot ng kamalasan o ng kasawian, kung susundin ang mga pamahiing ito at higit na mapabuti ang buhay kay ang mga sumunod sa mga ay manatiling ligtas at magkaroon ng matiwasay na pamumuhay.

Ang mga pamahiin nabanggit sa kasal walang nakikita pagkakaiba ang mananaliksik sa tatlong kategorya ng lugar (upland, lowland at coastal). Pareho ang mga pamahiin na ibinahagi ng mga kalahok. Walang pagkakaiba sa kanilang inilahad sa bago at sa araw ng kasal. Isa sa mga nakatawag pansin ng mananaliksik nang sinabi sa mga kadalasan ng mga kalahok na para maiwasan o mabigyang ng sumpa ang mga hindi magandang pangitain ay banggitin ang salitang *simbaku.* Patunay nito ng sinabi ng mananaliksik "*Manung lahat naman talaga tayo ay mamatay hindi lang natin alam bukas ba o sa susunod na araw"* ang reaksiyon ng kalahok ay *simbaku uroy* sabay tapik sa balikat ng mananaliksik at pagkatok sa kahoy para masumpa ang sinabi ng mananaliksik.

Sa kabilang banda, ang pamahiin ay malawak na tinanggap bilang isang maling ideya tungkol sa panlabas na katotohanan. Maraming mga indibidwal ang nagsasabi na hindi sila naniniwala sa mga pamahiin dahil wala itong katotohanan. Ang mga pangyayari ay nagkataon lang. Ang masamang kapalaran ay nasa ating mga kamay at hindi sa mga pamahiin o anu mang bagay na ating pinaniniwalaan (Gabor, 2021) Pero ito naman ay ipinaglaban ni Mandal (2018) na nagsabing ang katalinuhan sa lipunan ay mahalaga sa pinagmulan ng mga paniniwala. Ang mga pamahiin ay matatagpuan sa lahat ng mga lipunan ng tao. Ganoon din ang pahayag ni Amat (2020) na ang kamalasan at kasawian ay dapat maiwasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamahiin na turo ng matatanda.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 6| June 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa mga ipinakitang datos nangangahulugan na malaki ang naging impluwensiya ng mga pamahiin sa buhay ng mga Leyteño lalo na sa usapin sa buhay tulad ng kultura, emosyon, kabiguan at tagumpay. Ang mga pamahiin sa patay at kasal ay malaki ang pagpapahalaga nito mga kalahok bilang paghahanda na anumang mga pangyayari sa hinaharap. Sa mga resulta ng pagsusuri ang mga paniniwala ay hindi nangangahulugang kinontra ang siyensya kundi ang mga pamahiin bahagi na rin ng mga Leyteño ang pagsunod ng mga paniniwala at dahil nagsisilbi ito na kanilang kaugalian o kultura.

Samakatuwid, ang naniniwala sa mga pamahiin at tinutuloy bilang nakasanayan ng ating mga ninuno. Hindi pa rin maaalis ang mga hindi naniniwala rito. Marahil hindi nila ito nakasanayan sa kanilang mga magulang, lahat tayo ay may sari-sariling paniniwala kaya naman hindi natin ito maiaalis sa iba. Masasalamin dito ang mga paniniwalang umusbong mula pa noong panahon ng ating mga ninuno. Dahil din dito, mas lalo natin napapalawak at nakikilala ang kulturang ating pinagmulan. Ipinahiwatig na ang mga pinaniniwalaang mga pamahiin ay nakasanayan na nating gawin na nagmula sa ating mga ninuno.

5.0 CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang Leyteño ay may natatanging kultura tulad ng mga paniniwala na buhay na buhay pa rin sa kasalukuyan. Natatangi sa pitong bayan Leyte ng salitang *simbaku* upang hindi maganap ang pangitain sa kamatayan. Ipinahiwatig na mahalagang maitala ang mga paniniwala tulad ng pamahiin sa patay at kasal dahil maituturing itong gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay at higit sa lahat makatutulong sa preserbasyon at pagpapaunlad ng panitikang lokal. Dapat ang pamahiing ito ay malinang nga mga kabataang Leyteño upang maitaguyod ang pagprotekta sa mga kasaysayan ng kultura na pamana sa ating mga ninuno na ito ang hangarin ng NCAA bilang tugon sa adhikain ng K to 12 kurikulum ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga aralin.

6.0 REFERENCES CITED

1. *Amat, A. (2021). Pamahiin sa kamatayan: Katutubong konsepto ng mga Taclobanon. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9(1), 106-113.*
2. *Amat, A. (2020). Pag-uugat sa kultura ng pagkakasakit ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte. International Journal of Research Studies in Education, 9(3), 29-39. DOI: 10.5861/ijrse.2020.5824*
3. *DeLim, J. (2016). Isang pananaliksik tungkol sa pamahiin na pinaniniwalaan. Galing sa https://prezi.com/o8emprgbxzix/isang-pananaliksik-tungkol-sa-pamahiin-na-pinaniniwalaan/*
4. *Briones, N. (2013). Pagsusuri ng mga alamat sa mga lungsod sa ikalimang distrito ng Leyte. Di-nailathalang tesis. SLSU-Tomas Oppus, Tomas Oppus Southern Leyte*
5. *Gabor, R. (2021). Katutubong saloobin sa mga kwentong bayan ng Southwestern ng Leyte: Kalipunan at suplementaryong kagamitan. Di-nailathalang tesis. SLSU-Tomas Oppus, Tomas Oppus Southern Leyte*
6. *Grey, E. (2016). Cultural beliefs and practices of ethnic Filipinos: An ethnographic study. IRA-International Journal of Management and Social Science, 3(3). http://dx.doi.org/10.21013/jmss.v3.n3.p30*
7. *Mandal, F. (2018). Superstitions: A culturally transmitted human behavior. International Journal of Psychology and Behavioral Sciences, 8(4), 65-69. doi:10.5923/j.ijpbs.20180804.02*
8. *Paderan, M. (2018). Narratives of folk healers in Bato, Camarines Sur. Di-nailathalang tesis. Bicol University, Legazpi City.*
9. *Sierra, J. Hyman, M. at Turri, A. (2018). Determinants and outcomes of superstitious beliefs: A multi- study approach. Journal of Marketing Management. http://doi:10.1080/0267257X.2018.1544923*
10. *Soriano, R. (2015). Mga sulatin (writings), samu't sari (sundries). https://uclaliwanagatdilim2015.wordpress.com*